Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

# COMMITTEE ON ETHICS, APPOINTMENTS AND GOVERNMENT REORGANIZATION

## COMMITTEE REPORT
CEAGR-PCR-557-2024

---

Subject: ***Letter of complaint from Mr. Rolando Reyes Mojica against various Barangay Officials of Barangay Zapote 1.***
**(PCR-557-2024 – Date Referred: April 15, 2024)**

---

This report resolves the letter of complaint filed by Mr. Rolando Reyes Mojica against various Barangay Officials of Barangay Zapore 1 dated April 08, 2024. The said complaint was referred to the Committee on Ethics, Appointments and Government Re-Organization by the Sangguniang Panlungsod Presiding Officer, Hon. Rowena Bautista-Mendiola, on April 15, 2024 during its 86th Regular Session.

The Committee on Ethics, Appointments and Government Reorganization sent out invitations to the resource persons and conducted committee hearings on May 16, 2024 and May 23, 2024 at the Session Hall of the Sangguniang Panlungsod.

**FINDINGS:**

The scheduled committee hearings mentioned above was duly conducted and were attended by both parties. Both the complainant and the respondent were given time to explain before the Honorable Committee their side of the story. The complainant, Mr. Rolando Reyes narrated and explained his complaint while the respondents, Punong Barangay Hon. Vivian Gawaran, Barangay Secretary Grace Silvestre and Barangay Tanod Fernando Punlagao of Barangay Zapote 1 gave their defenses on the allegation against them. Both parties also submitted before the Honorable Committee for their perusal documents to support their manifestations made during the committee hearing.



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**RECOMMENDATION:**

After a thorough review of all the circumstances and statements from the resource persons, the Committee respectfully recommends that the Sangguniang Panlungsod **DISMISS** the above subject matter due to the failure of the complainant to present sufficient evidence to prove the said allegation.

By the motion of Hon. Reynaldo C. Palabrica duly seconded by all the members of the Sangguniang Panlungsod, the above subject matter was **DISMISSED** and was permanently archived from the agenda during its 92nd Regular Session.

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Signed this 27th day of May 2024 at the City of Bacoor, Cavite.

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA**
*Chairman*

**COUN. ALEJANDRO F. GUTIERREZ**
*Vice Chairman*

**COUN. ALDE PAGULAYAN**
*Member*

**COUN. MICHAEL SOLIS**
*Member*



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

# COMMITTEE ON ETHICS, APPOINTMENTS AND GOVERNMENT REORGANIZATION

## MINUTES OF THE COMMITTEE HEARING
CEAGR-PRC-557-2024

---

Subject: ***Letter of complaint from Mr. Rolando Reyes Mojica against various Barangay Officials of Barangay Zapote 1.***

---

A second committee hearing on the above-subject matter was conducted last May 23, 2024, 9:00 a.m. at the Sangguniang Panlungsod presided by Committee Chairman Hon. Reynaldo C. Palabrica.

**MEMBERS OF THE COMMITTEE AND CITY COUNCILOR PRESENT:**

HON. ALEJANDRO GUTIIERREZ
HON. MICHAEL SOLIS
HON. ALDE PAGULAYAN
HON. LEVY TELA
HON. ROGELIO NOLASCO
HON. RANDY FRANCISCO

**RESOURCE PERSONS:**

| | | |
|---|---|---|
| NATHANIEL DE LEON | - | OFFICE OF THE CITY LEGAL SERVICES |
| VIVIAN RAMIREZ | - | PUNONG BARANGAY OF ZAPOTE I |
| FERNANDO PUNLAGAO | - | BARANGAY KAGAWAD OF ZAPOTE I |
| GRACE SILVESTRE | - | BARANGAY SECRETARY OF ZAPOTE I |
| ROLANDO MOJICA | - | COMPLAINANT |

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ladies and gentleman good morning, the hearing regarding the letter of complaint of Mr. Ronaldo Reyes Mojica against various Barangay Officials of Barangay Zapote I is now called to order."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "For the record in attendance to this hearing, the following complainant Mr. Ronaldo Reyes Mojica. The various barangay officials of Barangay Zapote I, for the record physically present are the following: Punong Barangay Vivian Gawaran Ramirez.

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "I am Vivian Gawaran Ramirez Punong Barangay of Barangay Zapote I, your honor present po."
**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Next."

**GRACE SILVESTRE** "Good morning your honor, Grace Delgado Silvestre barangay secretary of Barangay Zapote I."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Thank you, next."

**FERNANDO PUNLAGAO** "Fernando Punlagao po Barangay Zapote I, good morning po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay thank you very much. Fernando?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ikaw si Fernando Cuevas Punlagao?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ikaw yung kapitbahay ni Rolando Reyes?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So nung nakaraang hearing natin narinig natin yung iyong side, tapos bahagya naman pahapyaw sila sa kanilang mga complain na inihain mo. Ngayon, inatasan natin ang Punong Barangay na mag sumite ng counter affidavit, so for the record the kontra salaysay ng pagrereklamo or counter affidavit was submitted by Punong Barangay Vivian Gawaran Ramirez. Kelan ito nareceive?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May 20, 2024, also submitted are the following documents: yung kasunduan na ginawa sa barangay, blotter ng pag rereklamo, kasunduan ulit. Dalawang kasunduan pala ito? Okay, so ikaw muna ang tatawagin ko, ikuwento mo sa komiteng ito ang nangyari, kasi ikaw ang puno't dulo neto eh. Ikaw ba yung umakyat sa puno ng niog? Pero bago ka sumagot, tumayo ka muna at ikaw ba ay nanunumpa? Ikaw ba ay nanunumpa na magsasabi ng katotohan at pawang katotohanan lamang?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Yes your honor."


SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sige ho maupo na ho kayo. Kayo po si Fernando Punlagao?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kayo po yung kumuha ng bunga ng niog?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Hindi po your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ikuwento mo dito kung anong nangyari."

**FERNANDO PUNLAGAO** "Noong araw po your honor may puno po roon may butas na po yung bubong. Ngayon po pinagbibintangan niya po ako na ako yung umaakyat sa puno ng niog kaya raw po nasira ang kanyang bubong."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ikaw yung pinagbibintangan?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Opo your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Matagal na ba yung puno ng niog doon?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Matagal na po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ah matagl na, so bata ka palang nandoon na yung puno ng niog?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Noong bata bata ka pa baka naman kasi talaga inaakyat mo yung puno."

**FERNANDO PUNLAGAO** "Hindi naman po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ilang beses mo naakyat yung puno ng niog?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Hindi ko pa po siya naaakyat. May bahay po kasi yun mataas, tapos po pinagbintangan niya po ako na yung puno po inaakyat ko. Kaya po nagsabi po siya saakin na yung puno po ay papatayin niya. Pinatay niya po, hanggang sa maputol, bumagsak at lalong nasira yung bubong niya. Tapos po nagreklamo siya sa barangay na yung puno raw po ay putol na at nasira na kaya po ginawa ng aming Kapitan na linisin po at ipagawa yung bubong."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So sa madaling sabi ang nagrereklamo si Mr. Mojica ang pumatay ng puno ng niog."

**FERNANDO PUNLAGAO** "Yes your honor."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Paano mo nasabi yan, paano ba pinapatay ang puno ng niog?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Pinutol niya po yung dulo hanggang sa katagalan isana taon na po ito po ay nabuwag. Nabulok yung puno."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Nabulok kaya natumba at nasira ang bubong?"

**FERNANDO PUNLAGAO** "Opo. Pero kahit ganoon po, ginawa pa rin po yung bubong."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay hanggang doon po muna ang tanong namin. For the record present to this committee hearing is the city councilor from District 1 Hon. Levy Tela."
**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kapit bahay mo si Fernando Punlagao, kilala mo ba siya?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ang sabi niya yung puno ng niog hindi niya inakyat kahit minsan, totoo ba yun?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Totoo yun? Hindi niya inakyat kahit kailan?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo, pinautos niya lang po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, ngayon yung puno ng niog sabi niya ay pinatay mo yung puno ng niog."

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po, pagka po yung mga tuyong dahon bumabagsak po sa mga kapitbahay namin, ako po ay pinatatawag ng kanyang asawa at pinalilinis."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, ikaw mismo ang umaakyat?"

**ROLANDO MOJICA** "Ako po yung naglilinis, sila po yung kumukuha ng bunga."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ikaw yung umaakyat?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo, yung mga nililinis po na tuyong dahon ng niog kasi nagrereklamo yung mga kapit bahay na napupunta sa mga bubungan nila."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, so for the record we would like to acknowledge the presence of our ABC Vice President and ex officio member of the city council Councilor Randy Francisco."



SCAN ME
STR1KE AS1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/191809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, ito pong complain ninyo ay pag aaralan ng komite. Base din sa kontra salaysay at magdedesisyon kami sa Lunes sa kapulungan. So, pagkatapos ng session namin sa Lunes ipapadala namin ang resolusyon kung ano ang magiging hatol ng komite na ito at ng kabuuan. Ipaunawa ko lang sa bawat panig na ang pagdedesisyon dito ay buong kapulungan, naghihearing ang komite, magrereport ang komite sa kapulungan at ang kapulungan ang magdedesisyon. Okay po, may gusto pa po ba kayong sabihin ng sa last hearing natin ay maibigay na ito sa kapulungan. Ano man ang narinig namin dito, ano man ang sinumiteng mga dokyument dito ay ipiprisenta sa kapulungan para sa pagdedesiyon. So, kung may nais pa kayong sabihin. Dahil ang inyong mga sinasabi ay on record, maririnig yan ng kapulungan kaya makakarating sa kanila. Kaya kung may gusto pa kayong sabihin, ibibigay ko po sa inyo ang pagkakataon."

**ROLANDO MOJICA** "Meron pa po sana."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sige po, sabihin niyo po lakasan niyo lang po boses ninyo para po sa record."

**ROLANDO MOJICA** "Tungkol po doon sa pangalawang kasunduan yung nabangit po ni Gng. Vivian Ramirez na yung bahay po namin ay drug tandem daw po iyon, kaya gusto ko po sana linawin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Meron kang kopya ng kasunduang sinasabi mo?"

**ROLANDO MOJICA** "Wala po, hindi po nila ako binibigyan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Hindi niyo raw binibigyan ng kopya ng kasunduan? Ito ba yun?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "For the record ipinakita ng komite ang kopya ng kasunduan na sinumite ng inirereklamo ay ipinakita sa nagrereklamo, ngayon po ay nakita na ninyo ang dokyumentong iyan, ayan po ba ang sinasabi ninyong pangalawang kasunduan?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kinumpirma ninyo na ito ang pangalawang kasunduan?"

**ROLANDO MOJICA** "Ito po iyon."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano ho ang masasabi ninyo tungkol dyan? Naka pirma po ba kayo sa kasunduan na iyan?"

**ROLANDO MOJICA** "Meron pong pirma."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pinatotohanan niyo po ba sa komite na talagang pirma niyo po ang nakalagay dyan?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "O sige ho, ano ho ba ang gusto ninyong sabihin tungkol dyan?"

**ROLANDO MOJICA** "Ito pong kasunduan na ito hanggang ngayon po hindi pa rin po ito nagagawa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Hindi na?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po nagagawa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Natutupad o nagagawa?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Alin po dyan? Paki basa po."
**ROLANDO MOJICA** "Tungkol po doon sa yerong ipinangako po sakin na halimbawa po magkaroon po ito ng sira o ng butas, ipapaayos po ito ni G. Fernando Cuevas Punlagao po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Linawin ko lang po, kasi diba nagbigay ng yero si Kapitana sa inyo, apat na yero, lima?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po, bale tatlong yero po iyon tapos po ang nagamit lang po ay dalawa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Tatlong yero, tatlo lang."

**ROLANDO MOJICA** "Tatlo lang po iyong alam ko."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, naayos yung bubong niyo sa pagkakataong iyon?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo, yung sa una po iyon."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ngayon kung naibigay na, ano pa yung sinasabi niyo na hindi pa naayos."

**ROLANDO MOJICA** "Ito po yung pangalawa na nagpagawa po siya ng station na ang plano niya po ay gupitin po ang aming yero dahil sagabal daw po sa pagpapapagawa niya ng bahay. Hindi po ako pumayag dahil wala po siyang



SCAN ME
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

pinakita na permiso galing kay kapitana, kaya ayun po nagpunta po kami sa barangay para po magkaroon ng kasunduan. Dito niya po ako pinag mumura."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, ano po ang hindi natupad dyan?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "For the record we would like to acknowledge the presence of our representative from the City Legal Services, Atty. Nathaniel De Leon."

**ATTY. NATHANIEL DE LEON** "Good morning your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano po yung hindi natupad dyan?"

**ROLANDO MOJICA** "Yung pagpapa-palit po ng yero."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pagpapa-palit ng yero. Ilang yero yung kalakip dyan."

**ROLANDO MOJICA** "Ang nasira po yung isa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So isa lang?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, ayun lang ang kailangan ayusin?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, so bukod po doon wala na?"

**ROLANDO MOJICA** "Wala na po, bukod po doon sa mga nasira naming kasangkapan. Kung mapag uusapan po sana."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Bakit naman pati kasangkapan nadamay, nasa loob na ng bahay yun. Yero ang bubungan lang naman ang pinag uusapan, ginupit lang naman pano nasira ang kasangkapan?"

**ROLANDO MOJICA** "Ayun pong una pong napagusapan dahil po sa ginawa nilang daanan yung aming bubungan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Nasira ang kasangkapan? Bumagsak ba yung bubong?"

**ROLANDO MOJICA** "Bumagsak po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Bumagsak o babagsak?



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**ROLANDO MOJICA** "Ano po sirang sira na po talaga, bagsak na po wala na po talaga."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kaya nga papaano naman nasira ang kasangkapan."

**ROLANDO MOJICA** "Kasi po nandoon po nakalagay yung aming mga gamit."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kasangkapan tulad ng? Bangitin po ninyo."

**ROLANDO MOJICA** "Mga damit po, pang araw araw naming kasuotan, yung iba po naming ano tulad ng bentilador. Kasi po nawalan po kami ng kuryente simula ng."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Nasira po ang bentilador, papaano nasira nabagsakan ba?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi ho, pinasok po ng ulan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, wala na? Ayun na lang?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, pasagot lang natin. Sa pangalawang kasunduan may isang yero raw na di niyo napatupad na ipagawa."

**GRACE SILVESTRE** "Sa pangalawang kasunduan po your honor ay wala pong nakasaad na may isang yero na hindi napagawa na kahilingan niya sa ating punong barangay. Wala po nakasaad doon na inyo pong pirmado sa kasunduang naganap po sa panig ni Rolando Reyes Mojica at G. Fernando Punlagao, January 27, 2023 10:30 AM kayo po ay naka lagda dito at sumasang ayon at nabasa niyo po ito sa tagalog na panulat, kaya po ay mariin po namin itong."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano ba ang nakalagay sa pangalawang kasunduan na iyon?"

**ROLANDO MOJICA** "Kasunduan base sa usapan kaso bilang 2208 at 2209 na sumbong ng magkabilang panig na sina G. Rolando Reyes Mojica at Fernando Punlagao, nagkasundo na magkapatawaran sa ginawa nila sa isa't isa, at ang pagpapapagawa ng bahay o extension ni G. Punlagao ay pinahihintulutan ni G. Mojica na magpatuloy sa kanyang ginagawa, ngunit siya ay mag-aadjust na lamang papasok sa kanyang nasasakupan, at hindi na gugupitin o pakikialaman ang yero na lumabis sa kabilang bahay ni G. Punlagao. Lalagyan na lamang ito ng flushing upang di na makaperwisyo sa magkabilang panig. Bilang patunay na sang-ayon ang magkabilang panig sa kasunduan na ito sila ay lalagda ngayong araw na ito. Yun po nakalagda po silang dalawa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sinong siya ang mag aadjust?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**GRACE SILVESTRE** "Si G. Punlagao po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Thank you very much, for the record we would like to acknowledge the presence of our Honorable Councilor from District 1, Hon. Mike Solis. Also, from District 2 our Hon. Bok Nolasco."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay ho, so wala na ho kayong sasabihin ayun na lang noh? Ayun na lang sa pangalawang kasunduan na binangit niyo kanina?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo, kaso po dun sa sinabi kanina ni Gng. Secretary po bakit palabas po parang baliktad na ako po ang nagpapagawa ng station na kailangan ko po mag adjust po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Linawin lang po natin ang sabi po kanina nagpapagawa si Punlagao, hindi po kayo. Tinanong ko nga ho kanina, ang sabi naman po si Punlagao ang mag aadjust."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pero anyway narinig na po namin ang bawat panig, pag-aaralan po namin kung ano po ang nararapat dito ayon sa mga ebidensyang nai-presinta at ayon sa mga salaysay na nai-presinta dito sa komite. So, may gusto pa po kayong sabihin bago natin tapusin ang hearing na ito."

**ROLANDO MOJICA** "Doon nga po sa sinabi ni Kapitana na drug tandem daw po ang aming bahay."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano ho?"

**ROLANDO MOJICA** "Drug tandem ang bahay namin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Paki ulit nga ho."

**ROLANDO MOJICA** "Yung bahay daw po namin ay isang drug tandem. Hindi ko po kasi maintindihan kung ano yung drug tandem."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Drug addict yung bahay? Drug den."

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kung yan man po ay drug den, ipinapaalalahanan po namin kayo na ituwid po natin ang mga bagay na iyan dahil po labag po ito sa batas at may kapahamakan yan, kapag napa operate ng mga may kapangyarihan. Kung hindi man, ay panatilihin po nating ganun naligtas at walang mga illegal na gawain sa bahay na yan."

**ROLANDO MOJICA** "Opo, yun po sana ang gusto ko pong linawin."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Wala po sa reklamo ninyo iyon, hindi po nakalagay."

**ROLANDO MOJICA** "Meron po akong kasama sa reklamo kung saan po ito ay tumagal ng."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kailan mo ito nadinig na sinabi ni kapitana na drug den ito?

**RONALDO MOJICA** "May 15 po, nung una po nating."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kanino sinabi yung drug den na yun?"

**RONALDO MOJICA** "Noong committee hearing po natin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "O sige ho, irereview po ang voice recording dahil naka transcribe. Ibig sabihin lahat ho ng sinasabi natin dito ay naka record, nilalagay sa papel word by word. Reviewhin namin ayon sa iyong pagkakasabi ngayon na sinabi ni kapitana."

**ROLANDO MOJICA** "Salamat po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay na ho tayo? May gusto pa bang sabihin o wala na?"

**ROLANDO MOJICA** "Ayun na lamang po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Salamat ho, bigyan po natin ng pagkakataon ang kabilang panig kung may gusto kayong sabihin bago magdesisyon ang kapulungan sa lunes."

**GRACE SILVESTRE** "Wala na po your honor."

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Wala na po your honor."

**FERNANDO PUNLAGAO** "Wala na po your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kung wala na at may nais kayong isumite na mga dokyumento, mga ebidensya ayon sa inyong mga posisyon, sa inyong mga paninidigan tungkol sa reklamong ito maaari niyo pa itong isumite hanggang sa araw ng Biyernes."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Atty. De Leon any comment or opinion regarding this hearing before we adjourn."

**ATTY. NATHANIEL DE LEON** "Your honor with a good judgement on the committee on the decision on this case all sides had been given due process naman po as



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

observed by our office. So, we believed that there are substantial due process na binigay po, so we defer to the good judgement of the committee hearing."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Thank you very much for the suggestion and to the manifestation. Sa mga kasamang konsehal ngayon dito baka may gustong sabihin bago tayo mag adjourn?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So may I asked a motion for adjournment from the members of the committee."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "It has been moved by Hon. Nolasco that this hearing be adjourned and be submitted to the city council for the decision any second motion?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Unanimous seconded, therefore this complaint hearing filed by Rolando Reyes Mojica against various Barangay Officials of Barangay Zapote I is now adjourned."

Prepared by:

RONALDO M. VERONA
Clerk

Attested by:

**COUNCILOR REYNALDO C. PALABRICA**
Chairman
Committee on Ethics, Appointments and Government Re-Organization



SCAN ME
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

# COMMITTEE ON ETHICS, APPOINTMENTS AND GOVERNMENT REORGANIZATION

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date:
Time:

## MINUTES OF THE COMMITTEE HEARING

CEAGR-PRC-557-2024

---

Subject: *Letter of complaint from Mr. Rolando Reyes Mojica against various Barangay Officials of Barangay Zapote 1.*

---

A committee hearing on the above-subject matter was conducted last May 16, 2024, 2:00 p.m. at the Sangguniang Panlungsod presided by Committee Chairman Hon. Reynaldo C. Palabrica.

**MEMBERS OF THE COMMITTEE AND CITY COUNCILOR PRESENT:**

HON. ALEJANDRO GUTIIERREZ
HON. MICHAEL SOLIS
HON. ALDE PAGULAYAN
HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ
HON. ADRIEL GAWARAN
HON. LEVY TELA
HON. ROGELIO NOLASCO
HON. RANDY FRANCISCO

**RESOURCE PERSONS:**

| | | |
|---|---|---|
| NATHANIEL DE LEON | - | OFFICE OF THE CITY LEGAL SERVICES |
| VIVIAN RAMIREZ | - | PUNONG BARANGAY OF ZAPOTE I |
| NOMER ESTUPIN | - | BARANGAY KAGAWAD OF ZAPOTE I |
| GRACE SILVESTRE | - | BARANGAY SECRETARY OF ZAPOTE I |
| ROLANDO MOJICA | - | COMPLAINANT |

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "The hearing regarding the letter complaint from Mr. Rolando Reyes Mojica against various officials of barangay Zapote I is called to order."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24181809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "In attendance to this hearing for the record are the following honorable members of the city council, on my right is Hon. Alde Pagulayan."

**COUN. ALDE PAGULAYAN** "Magandang umaga po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Hon. Bok Nolasco."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Good morning, Mr. Chair."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Hon. Mike Solis."

**COUN. MICHAEL SOLIS** "Good morning."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Hon. Simplicio Dominguez, Hon. Levy Tela, Hon. General Alex Gutierrez."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Also from the city legal services please introduce yourself and your representation."

**ATTY. NATHANIEL DE LEON** "Good morning your honors, Atty. Nathaniel De Leon from the city legal services."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Thank you. Is Mr. Rolando Mojica present? For the record pakilala po kayo, paki gamit ang mic sabihin ang pangalan, saan nakatira at ang balak dito."

**ROLANDO MOJICA** "Ako po si Rolando Reyes Mojica na nakatira sa barangay Zapote Uno, nagpunta po ako rito para sa barangay Kapitan po at barangay tanod na hindi po tumupad sa mga pangako at mga kasunduan po na binalewala lang po ni kapitana yung aking reklamo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Thank you very much."

**PB VIVIAN RAMIREZ** "Good morning your honor I am Vivian Gawaran Ramirez barangay captain of Zapote I."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Magandang umaga."

**GRACE SILVESTRE** "Good morning, barangay secretary Grace Silvestre from barangay Zapote I."

**NOMER ESTUPIN** "Good morning, Nomer Estupin barangay kagawad of barangay Zapote Uno."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, sabi mo kanina Mr. Reyes nandito ka para ireklamo ang punong barangay at officials dahil sa mga hindi pagtupad sa mga



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24I181800

kasunduan. Pero bago mo sagutin ang tanong ay maaari po ba kayong tumayo para sa panunumpa?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Paki taas po ang kanang kamay, kayo po ba ay nanunumpa na magsasabi ng katotohanan at pawang katotohanan lamang?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Paki paliwanag nga po sa kagalang galang na komite na ito kung ano ang inyong reklamo."

**ROLANDO MOJICA** "Inirereklamo ko po yung bahay naming na sinisira po ng barangay tanod na nung una po nagpunta po ako sa barangay pero wala naman pong pumapansin, paulit ulit po ako nag punta doon hanggang sa naisipan ko po dumulog sa DILG para po malaman ko po yung iba pang mga dapat kong gawin. Ang ipinayo po saakin ay dapat po akong magpa blotter."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kailan po nangyari ito, ang paninira ng inyong bahay at sino pong barangay tanod ito?"

**ROLANDO MOJICA** "Fernando Cuevas."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano ang dahilan bakit sinira ang iyong bahay?"

**ROLANDO MOJICA** "Nung una po kinukuha po nila yung bunga ng niog, ginagawa po nilang daanan yung aming bubungan. Paulit ulit po ako nakikiusap pero binabalewala po nila. Nagpupunta po ako sa barangay hall pero wala pong pumapansin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sino po ang kausap mo sa barangay hall?"

**ROLANDO MOJICA** "Minsan po yung barangay secretary po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May gusto pa po ba kayong sabihin? Idagdag sa iyong sinasabi?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Wala bang aksyon ang barangay, para gawin ang nasira ninyong bubong?"

**ROLANDO MOJICA** "Inaksiyunan naman po, ako po ay lumapit kay Mayor Lani Mercado na ikinagalit po ng Kapitan. Bakit daw po pinaparating pa po kay Mayora, ganung pinapaiimbestigahan na ang nangyari."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sinong Kapitan po ang tinutukoy ninyo?"

**ROLANDO MOJICA** "Si Kapitana Vivian Ramirez Gawaran po."



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181800

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano po ang naging sagot po ninyo sa kanyang reaksiyon?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po ako makapagsalita po sa kanila, kasi kung ano nalang pong sabihin nila yun nalang po, tahimik nalang po ako ganun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sa madaling sabi, nagkaroon kayo ng pag-uusap o paghaharap ni Kapitan Vivian Gawaran."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Matapos ang inyong pag-uusap, mayroon bang naging aksyon si kapitana Vivian Gawaran Ramirez?"

**ROLANDO MOJICA** "Naaksiyunan niya nga po yun, nung nag ano po si Mayora po, kasi matagal na pong nangyayari. Binabalewala lang po niya, ang dinadahilan niya po pina iimbestigahan niya po ang pangyayari, sirang-sira na po ang bahay, mga kasangkapan namin, nabubulok."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ilang beses umakyat sa bubong ang sinasabi ninyong si Fernando Cuevas?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po siya ang umakyat, yung mga kamag-anak pinag-uutos niya po kuhain ang mga bunga ng niyog na nasa loob po ng aming kusina."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Malinaw po na hindi si Tanod mismo, inutos niya."

**ROLANDO MOJICA** "Sa utos po niya."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ilang beses naganap ang pangyayayring iyon?"

**ROLANDO MOJICA** "Madalas niya pong pinag-uutos iyon, kunin ang bunga ng niyog."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Mabunga ang niyog at madalas."

**ROLANDO MOJICA** "Namumunga po siya, maganda po ang bunga niya."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, hindi lang isang beses?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi lang po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kung sa pagkakaalala niyo po, mga ilang beses?"

**ROLANDO MOJICA** "Siguro po kada po may magandang bunga, madalas mga lima, o pitong beses. Kapag po kasi maganda ang bunga talagang nakaka enganyo po."


SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181800

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay. So nasabi ninyo na naaksiyunan naman, yung pag-uusap ninyo ni Kapitana Vivian Gawaran Ramirez anong aksyon ang ginawa ni Kapitana?"

**ROLANDO MOJICA** "Nagpa ano po siya ng yero, mga lumang kahoy pamumukpok sa yero, yun po ang ginawa niya nung una. Tapos may mga kasunduan po na hindi tinutupad ng barangay tanod, hanggang sa ngayon po nasira nanaman po ang aming bubungan bago nanaman po kasi."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano po ba ang sinasabi ninyong kasunduan? May kopya po ba kayo ng kasunduan?"

**ROLANDO MOJICA** "Wala po, hindi po ako binibigyan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May pinirmahan ba kayong kasunduan?"

**ROLANDO MOJICA** "Mayroon po ako pinirmahan, hindi lang po ako binibigyan ng kopya ng barangay secretary. Sa totoo po, gumawa po ako ng sulat na humihingi po ako ng pahintulot kay Kapitana na makihingi ng kopya dahil po yero lang po ang kanilang inaano, yung iba po naming nasirang kasangkapan ay binabalewala lang ni Kapitana."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, hindi na iyon naganap ang kasunduan?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pero napagawa naman ang nasirang bubong?"

**ROLANDO MOJICA** "Napagawa po yung parte sa may kusina, ito po yung bagong inirereklamo ko wala parin po talaga."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kung naipagawa na yung bubong dahil sa pag-akyat ng bunga ng niyog, ano pa ba yung kasunduang hindi naganap, hindi natupad?"

**ROLANDO MOJICA** "Kailangan po kasi magkahiwalay kami hindi po kami magkadikit, yun po ang napagkasunduan kasi plano po ng barangay tanod sa kanila po yung kusina na yun na may puno ng niyog, inaangkin niya po yun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Magkapit-bahay po ba kayo?"

**ROLANDO MOJICA** "Magkadikit po kami ng bahay."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ang kasunduan ay aalis siya ng bahay na yun?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po, kailangan po naming maghiwalay ang pader, ito lang, magkadikit lang. Bahay po nila yan at bahay po namin. Ang gusto ko po mangyari, dito po ako at dito po siya, sa pader po nito."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ang gusto niyo pong mangyari lagyan ng pader?"

**ROLANDO MOJICA** "Opo sana, kanya-kanya kami ng pader."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sino magpapagawa ng pader?"

**ROLANDO MOJICA** "Si barangay tanod po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Alam po ba ninyo na pag naggagawa ng pader ay kailangan ng fencing permit?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi nga po eh."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "At pag kailangan ng fencing permit ay kailangan syempre ng requirement yan, kung sino ang magpapagawa ay kanya yung lupa at may titulo. Ang tanong, kayo ay magkapitbahay magkadikit ang pader pareho ba kayong may titulo doon sa lupang tinitirikan ng inyong bahay?"

**ROLANDO MOJICA** "Saakin po wala po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May gusto pa ho ba kayong sabihin? Malaya po kayong makakapag salita."

**ROLANDO MOJICA** "Doon po sa sinira ng barangay tanod yung bubungan namin. Tapos doon po sa mga nasira naming kasangkapan, dapat panagutan niya po iyon."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kung pananagutan ho, nagkakahalaga po ng mga magkano?"

**ROLANDO MOJICA** "Siguro ho mga nasa 30,000 to 50,000 ho."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, ibibigay ko ang floor sa mga kagalang galang na kasapi ng sangguniang panlungsod sa kanilang mga katanungan."

**COUN. ALEJANDRO GUTIERREZ** "Thank you Mr. Chair, unang una ang sabi niya may kasunduan. Ngayon, ipinaliwanag niya yung kasunduan at ang sabi niya ay may pinirmahan siya na kasunduan, akin lamang po hihilingin Mr. Chair na kung pwede yung kopya ng kasunduan ay basahin po ng ating barangay secretary, para malaman natin kung totoo yung sinasabi niya."



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24181800

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "The question is directed to barangay secretary of barangay Zapote I. Madam secretary gusto mo ba sagutin o through notarized affidavit muna?"

**GRACE SILVESTRE** "Your honor, sasagutin ko po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kung ganun tumayo ho kayo, boluntaryo ito ha kasi karapatan ninyo na makinig muna at mag submit ng counter affidavit. Pero kung gusto ninyo na voluntarily ipahayag na rin ang inyong sarili pwede naman. The committee will require you to take an oath."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Paki taas po ang kanang kamay at sumabay po kayo saakin. Ikaw ba ay nanunumpa na magsasabi ng katotohanan at pawang katotohanan?"

**GRACE SILVESTRE** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay, paki sagot po ang tanong ni Councilor Gutierrez."

**GRACE SILVESTRE** "Magandang umaga po sa lahat, ako po ang barangay secretary ng barangay Zapote I. Umpisahan ko lang muna doon sa una, ako na lang mag eexplain dahil ako rin naman po ang nakakausap niya at gusto niya makausap. Yung sa niog po na kaniyang nirereklamo ito ay agad na natugunan noong araw na iyon at may kalamidad, kaya naano po namin na ito ay mapanganib. At ito ay may kopya ng mga litrato na agad namang natugunan at naipasa naman sa Commission on Human Rights at natanggal po agad ang puno na yan. Ito ay tinugunan ng ating Punong Barangay Vivian Gawaran Ramirez na matangal po ito ng maayos sa tulong ng ating mga tanod. Meron din po kaming mga kopya dyan na may kalakip pong yero na binili galing sa pang sariling pera ng aming punong barangay. Pangalawa po sa tulong po ng ating Punong Barangay siya po ay hiningi ng financial assistance sa ating dating mayor na ngayon ay congresswoman na po na si Congresswoman Lani Mercado Revilla, at yun po ay nabili niya rin po karagdagan sa kaniyang puhunan. Tapos po nagreklamo po siya ulit sa ating Commission of Human Rights at ang Commission on Human Rights ay personal po naming inimbitahan ng masaksihan ang tahanan ni Rolando Reyes Mojica. May litrato po diyan na kalakip, na nandyan din po ang picture ng kanyang tahanan, yung sitwasyon po ng kanyang tahanan. Kaya po bilang tugon ayan po ang mga pictures at travel order ng aming attorney na nagpupunta po from human rights. "

**GRACE SILVESTRE** "Regarding po sa kasunduan, yung kasundaun po ay kung nasabi niya kanina na nagbigay siya ng sulat o kahilingan, ako po ay walang narereceive na sulat at maaari niya po itong ibigay kung meron po siyang napareceive saakin na letter."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sa madaling sabi walang kasulatan ng kasunduan?"

**GRACE SILVESTRE** "May kasulatan pong naganap sa barangay madami po your honor at saksi po ang commission on human rights sa kasunduan nitong huli."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Yung sinasabi mo na maraming kasunduang kasulatan na ikaw ay dinidirektahan ng komite na ito na bigyan ng kopya ang kasunduan na ito."

**GRACE SILVESTRE** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Anyway you are directed to submit a copy of amicable settlements between the barangay and complainant."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ngayon may tanong lang ako sayo, kasi sabi mo inaksyunan kaagad. Noong nagreklamo siya panahon ba ng tag ulan?"

**GRACE SILVESTRE** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Tapos ilang araw yun bago naputol yun? Naputol na ba iyon?"

**GRACE SILVESTRE** "Opo, ito po ay naputol agad."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Naputol? Gaano katagal yun?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Your honor, makasagot po ako."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kapitana, malaya kayo, voluntary yung statement mo ha? Pwede mo naman through counter affidavit nalang, doon kami mag tatanong sayo, pero kung gusto mo sumagot agad through voluntary basis, gusto mo bang sumagot agad?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Opo your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "The committee will require you to take an oath, please raise your right hand. Kayo po ba ay nanunumpa na magsasabi ng katotohanan at pawang katotohanan lamang?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Yes your honor."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So ano po ang gusto ninyong sabihin?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Kasi po your honor hindi lang po ito yung Sangguniang Bayan na inireklamo niya po ako. Ilang departamento na rin ang aking natapos, siguro pang apat na po ata ito. Siguro wala naman po akong nilalabag na batas



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

ang kaanuhan ko lang po is gusto ko po matapos at maayos ang ano natin sitwasyon sa aming barangay. Una sa lahat, hindi niya pamamahay yun, it's an abandoned place ang ano po doon is bilang makatao tinitignan ko pa rin kasi nagiisa lang siya doon ang hanap buhay lang is magbabalot at chicharon. Pero binibigyan ko pa rin siya ng oportunidad o tulong puhunan galing kay Mayor Strike at kay Congresswoman. Then wala pa rin palang ano yung ginagawa kong effort sa kanya, di rin pala niya natatanggap. Ano pa ba ang kulang ko? Kasi binigay ko na yung kanang kamay ko pati ba yung kaliwa? Ginawa ko na, dapat may effort din siya kasi gusto niya magbayad yung tanod ko, eh wala rin naman pong kakayanan kasi po ang bahay po nila ay magkatabing magkatabi po dingding lang. Binili po nila yun parehas na matandang bahay na po, kaya yung bahay na po na yun ay, kumabaga lumang luma na po.

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So sa madaling sabi Kapitana, sabi mo kanina nabanggit mayroon human rights, naireklamo ba kayo sa human rights?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano ang nagging resulta sa human rights?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Ayun nga po, na ayusin ko na, mag proprovide din siya, tutulong din siya, hindi lang po kami."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, walang hatol ang human rights?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Wala po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So recommended lang na magkaroon kayo ng amicable settlement."

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Yes po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ginawa niyo yung amicable settlement?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Ginawa ko po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Pagpapagawa ng yero, pagpuputol ng niyog?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Tapos inirereklamo pa ulit kayo, sabi mo?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Yes po."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Bukod sa Human Rights, saan pa ng opisina ng pamahalaan?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "888, Raffy Tulfo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano ang nagging aksyon ni senador Raffy Tulfo?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Pag ayusin din po, na bigay namin yung gusto niyang I demand, binigay din namin, pero sinasabi niya pero dapat din daw mayroon siyang aksyon, part din sa sarili niya."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Okay. So bukod doon, wala na?"

**KAP. VIVIAN RAMIREZ** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Babalikan ko po kayo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Totoo bang inireklamo sa Commission on Human Rights? Ano ang naging aksyon ng Commission on Human Rights?"

**ROLANDO MOJICA** "Ang sabi po sa akin nung attorney na yan, pag-aaralan niya yung mga banta po sa akin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So, wala pang desisyon ang human rights sa inyong reklamo hanggang sa ngayon?"

**ROLANDO MOJICA** "Ang naging desisyon lang po ay yung nasira naming bubungan, ibalik yun sa dati."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Naibalik naman sa dati?"

**ROLANDO MOJICA** "Naibalik po sa dati yung bubungan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sa madaling sabi, ayun sa mungkahi ng Commission on Human Rights, na ibalik sa dati na natugunan naman ni Kap. Vivian Gawaran Ramirez."

**ROLANDO MOJICA** "Opo, natugunan po iyon dahil kay Mayora Lani Mercado."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ayun na nga po, ibig sabihi, nagkaroon ng katugunan ayon sa rekomendasyon ng Commission on Human Rights as presented ng attorney na inyong sinasabi."

**ROLANDO MOJICA** "Opo."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24181809

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Bakit nagrereklamo pa din kayo? Kung nagkaroon na ng katugunan na?"

**ROLANDO MOJICA** "Mayroon po kasing sinira yung barangay tanod, ang aming nga pong bubungan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Nung naputol na yung puno, paano ito nasira?"

**ROLANDO MOJICA** "Kasi ganito po iyon eh, bale nagpagawa po ng station yung barangay tanod, ginawa nanaman pong daanan ang aming bubungan. Nagpagawa po sila, nagpataas ng bahay ako po nakiusap kay kapitana kung pwedeng taasan yung bahay namin, hindi raw po pwede, nabili lang po namin ng ganun po iyon, mananatiling ganun lang po iyon talaga."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Gusto ko lang po bigyan ng kalinawan, na hindi naman natin pwedeng hingin kahit kaninong pamahalaan, na irenovate o ipagawa basta ang ating bahay kasi sariling responsibilidad yun, ang sinasabi mo kasi kung hiniling mo kay kapitana na taasan din ang bahay mo, sa gastos ni kapitana ganun din yun."

**ROLANDO MOJICA** "Hindi po, ako po yun nakiusap po ako sa kanya kung pwede mataasan yung bahay namin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Anong sabi?"

**ROLANDO MOJICA** "Hindi raw po pwede dahil kung ano po yung nabili namin hanggang doon lang po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Para mataasan mo bahay mo, napakadali naman ng gusto mong mangyari eh. Mag apply ka ng building permit mo dito sa city hall. Kasi may one stop shop na dito, hindi ka na dadaan ng barangay. Yun ang dapat mong gawin."

**RONALDO MOJICA** "Hindi ko po kasi alam yung mga ganun eh."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Kaya ngayon po sinasabi ko, makipag uganayan po kayo mamaya nandirito naman na kayo sa city hall, makipag ugnayan kayo sa office of the building official doon sa kabilang gusali. Para malaman mo kung ano yung mga dapat gawin at iproduce ninyo, kung ano yung mag requirement para sa pagpapa taas ng bahay. Kung gusto mo pataasin ang bahay mo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So anyway, may mga tanong pa ba sa mga konsehal?"

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Konsehal ang tanong ko lang po direkta po sa complainant, nabanggit po ninyo ang mga kasangkapan. Pwede po malaman



SCAN ME
STR1KE AS1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24181809

kung ano ano po yung mga kasangkapan kasi parang nakataas naman po noong tinukoy na."

**RONALDO MOJICA** "Yung mga kasangkapan po tulad ng pangkasuotan namin sa pang araw araw tulad ng mga gamit namin sa pang araw araw na kainan, lutuan mga ganyan. Karamihan po yung pang araw araw namin na kasuotan, yun po ang mga nasira, kasi simula po noong hindi namin magamit yung kusina doon na po namin nilagay yung iba naming gamit kagaya na lang nung mga hindi namin ginagamit."

**COUN. ROGELIO NOLASCO** "Ah sige po maraming salamat po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Nabanggit kanina na nagreklamo ka sa tanggapan ni Sen. Raffy Tulfo, sa senado ba o sa radio program niya?"

**RONALDO MOJICA** "Sa radio program niya po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Ano po ang naging aksyon nung opisina ni senador?"

**RONALDO MOJICA** "Ang nireklamo ko po doon ay yung kailangan ko po nung kopya ng mga kasunduan tsaka po yung blotter po dahil po minumura po ako netong barangay tanod na ito. Ang ginawa po ni kapitana, pinag harap po kami ito po yung sa pangalawang sinira, kung papayag daw po ako bibigyan niya po ako ng pera pambili po ng yero po para po doon sa nasirang bubungan, na siya na lang daw po ang bahalang magpa gawa."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Napagawa naman diba?"

**RONALDO MOJICA** "Hindi pa nga po hanggang ngayon, kaya nga po ako sumulat kay Mayor Strike."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "So ibig sabihin, kanina napagawa na, ikaw mismo nagsabi na napagawa na, natugunan base doon sa rekomendasyon ng Commission on Human Rights. Tapos ngayon sinira ba ulit?"

**RONALDO MOJICA** "Meron nanaman pong sinira."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Sinira ulit?"

**RONALDO MOJICA** "Opo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Tapos ayan yung may pangako si Kapitana Vivian?"

**RONALDO MOJICA** "Opo."



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Tapos nagkaharap kayo sa barangay? Pero anyway may gusto ka pa bang sabihin?"

**ROLANDO MOJICA** "Okay na po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "Maraming salamat po, si Kapitana Vivian, ang sekretaryo, ang mga respondents ay dinidirektahan ng kagalang galang ng komite na ito na mag submit ng counter affidavit notarized. Narinig ninyo ang version ng complain, directly from the mouth of the complainant. So, pakisagot po nito through notarized counter affidavit. Dahil pagbabasehan ito ng desisyon ng komite tungkol sa reklamo ni Mr. Mojica."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "For the meantime we will suspend this hearing while waiting for the counter affidavit, you are directed to submit your counter affidavit within 10 days, starting now."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "May I request a motion from the members of city council."

**COUN. ALDE PAGULAYAN** "Mr. Presiding Officer I move to suspend the preceding."

**COUN. REYNALDO PALABRICA** "This hearing is now suspended."

Prepared by:

RONALDO M. VERON
Clerk

Attested by:

**COUNCILOR REYNALDO C. PALABRICA**
Chairman
Committee on Ethics, Appointments and Government Re-Organization



SCAN ME
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181800

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee
7years in a row!

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

**Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization**

**NOTICE OF COMMITTEE HEARING**

**(PROOF OF RECEIPT)**

(May 23, 2024 9:00 AM)

(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date:
Time:

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE I.* ***(PCR No. 557-2024) dated (April 15, 2024)***

| NAME | OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| HON. ALDE PAGULAYAN | SP | — | 05/21/24 |
| HON. ALEJANDRO GUTIERREZ | SP | | 5/21/24 |
| HON. MICHAEL SOLIS | SP | | Wery Ampocta 5/21/24 |
| HON. ROGELIO NOLASCO | SP | 0929-864-0945 | 05-21-2024 |
| HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ | SP | 3754 | 05-21-24 |
| Atty. KIM NYCA LOFRANCO City Legal | | | |
| PB VIVIAN R. GAWARAN Zapote I | | | |
| ROLANDO REYES MOJICA Complainant | | | |
| HON. LEVY TELA | SP | | 5/21/24 10:40 am |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

*Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization*

## NOTICE OF COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**
(May 16, 2024 9:00 AM)
(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenot Pring
Date:
Time:

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE I.* **(PCR No. 557-2024), dated (April 15, 2024)**

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenot Pring
Date:
Time:

| NAME | OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| HON. ALDE PAGULAYAN | SP | | 5-15-24 |
| HON. ALEJANDRO GUTIERREZ | SP | | 5/15/24 |
| HON. MICHAEL SOLIS | SP | - | 5/15/24 |
| HON. ROGELIO NOLASCO | SP | 0929864094[illegible] | 5/15/2024 |
| HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ | SP | 5414 | 5/15/24 |
| Atty. KIM NYCA LOFRANCO<br>City Legal | | | |
| PB VIVIAN R. GAWARAN<br>Zapote I | | 09206225788 | /O HANSEL |
| ROLANDO REYES MOJICA<br>Complainant | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee 7 years in a row!

BAGONG PILIPINAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

*Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization*

**ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING**

**(PROOF OF RECEIPT)**

(May 23, 2024 9:00 AM)

(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date________
Time________

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE I.* ***(PCR No. 557-2024) dated (April 15, 2024)***

| NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| ROLANDO R. Mojica | ZAPOTE I | 09637234698 | [signature] |
| FERDINAND PUNKASAO | BI ZAPOTE | 09920028611 | [signature] |
| VIVIAN GAVARAN - MOJICA | PB ZAPOTE 1 | 0998 793858 | [signature] |
| GRACE D. SILVESTRE | SEC. ZAPOTE I | 09054 957207 | [signature] |
| HON. LEVY TELA | SP | | |
| HON. RANDY FRANCISCO | LNB | | [signature] |
| ATTY. NATHANIEL DE LEON | OCLS | | [signature] |
| HON. MICHAEL SOLIS | SP | | [signature] |
| HON. ROGELIO NOLASCO | SP | | [signature] |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee 7 years in a row!

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

*Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization*

## ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**
(May 16, 2024 9:00 AM)
(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date:
Time:

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE I.* ***(PCR No. 557-2024) dated (April 15, 2024)***

| NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| Rogelio M. Nolasco | SP | | [signature] |
| RANDY FRANCISCO | SP | | [signature] |
| MIKE SOLIS | | | [signature] |
| ALEX GUTIERREZ | SP | | [signature] |
| S. Domingo | SP | | [signature] |
| Nathaniel De Leon | OWS | | [signature] |
| ROLANDO R. MOJICA | | | [signature] |
| VIVIAN C. RAMIREZ | B/PB | | [signature] |
| Nomer F. Estupin | Brgy. Kag. | | [signature] |
| GRACE D. SILVESTRE | Brgy Sec | | [signature] |
| ALDE PAGULAYAN | SP | | [signature] |
| LEVY TELA | SP | | [signature] |
| | | | |

**PCR 557-2024** – LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE 1.

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date:
Time:









**PCR 557-2024** – LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE 1.

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date:___________
Time:___________






Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

PCR 357-2024 – LETTER OF COMPLAINT FROM MR. ROLANDO REYES MOJICA AGAINST VARIOUS BARANGAY OFFICIALS OF BARANGAY ZAPOTE I.

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
*Office of the City Mayor*

April 8, 2024

**HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA**
City Vice Mayor
Bacoor Government Center
Bacoor City, Cavite

Thru: **Atty. Khalid Atega, Jr.**
Sangguniang Panlungsod Secretary

Subject: **Endorsement Letter**

Dear Hon. Bautista-Mendiola

I hereby endorse to the esteemed members of the Sangguniang Panlungsod for appropriate action the letter from Rolando Reyes Mojica concerning his complaint against various barangay officials at Barangay Zapote I.

Attached herewith is the aforementioned letter for your immediate reference.

I trust that you give this matter your utmost attention.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
BY: RUTH
DATE: 4/11/24 TIME: 10:33 AM
BACOOR CITY CAVITE

Sincerely yours,

STRIKE B. REVILLA
City Mayor

SBR2024-1752

SCAN ME

BACK

TO. MAYOR STRIKE REVILLA 6-4-2024

GOOD MORNING PO MAYOR STRIKE REVILLA
AKO PO SI ROLANDO REYES MUJICA NA MAY IDAD 59 NA PO.
NAKATIRA SA GAMIA EXTINSION ST. SAKOP PO. NANG BRGY-
ZAPOTE UNO AKO'Y ISANG VINDOR PO SA IDEA ANG
[illegible] TINITIDA KO PO- AY MANI AT TOBIG SA BUSS PO AKO
PO AY HIRAP SOMOLAT AT BOMASA ITO PO ANG NAKIKITA KO
PO- NA DAHILAN NAKONG SAAN PO AY HINDI AKO PINAPANSIN
SA BRGY ZAPOTE UNO KAPAG AKO PO. NAG POPONTA DITO
PARA [illegible]
[illegible]
[illegible]
[illegible] DIN PO AT KOMPARE DAHIL SA GOSTO NITO NA
POTOLEN ANG AMING YERO PARA MAG PAPAGAWA DAW-
PO SIYA NANG EXTINSION NANG BAHAY NILA HINDI AKO
POMAYAG DAHIL PO. MAY [illegible] NAMAN NA PO ITO NA
SINIRA NA BOBOGAN NAMIN ANG DAHILAN PINAPAKONA
NITO YONG BONGAN NANG NIYOG O, YONG BOKO NASA AMING
LOOBAN NAGING DAHILAN NANG PAGKABOLOK NANG
AMING KASANGKAPAN ITO AY NA PANYOS NA SA TOLONG
NI MAYORA LANNE M. REVILLA [illegible] HINDI PO [illegible] KASI ITO
INAKSONAN ANG KAPITANA KAHIT ALAM PO ITO KAPITANA DIN
ITO PINAGAWA NO PO NANG NANGA NASIRA PO NAMIN
NA KASANGKAPAN SA KADAHILANAN ANG KAPATID NANG
ASAWA PO NI KAPITANA NAMAN NITO GINAGAMIT
IMPLUWISA O [illegible] PANG MAKAPANGHARAS PO SA KATOLAD
KO PO, [illegible] JANUARY 27 2023 ITO PO BAGONG
SINIRA NANAMAN ITO PO- MAY KASONDOAN TOLAD PO NI
NANNA HINDI ITO TINUPAD NITONG TAUOP, SEPTEMBER 11 2023
AKO PO- AY NAG [illegible] PATOLONG SA WANTED SA [illegible] RADIO KAY
TOLLFO AKO PO AY PINADALHAN NANG SOLAT PARA KAY
KAPITANA ITO NAMAN PO- AY NAG AUSAP PO KAMI -

BACK

ANG SABI PO NI KAPITANA KONG NAGBIBIGAY PO. SIYA
NALANG NA PANG BILI PO NANG YERO KONG PAPAYAG
PO AKO AT SOBRA ANG NALANG DAW PO, AT SIYA
NALANG ANG MAG PAPAGAWA YUNG PERA AY KINUHA KO
PO SA D.S.W.D. AT BUMILI AKO NG YERO KAHOY AT
IBAPA HANGGANG NGAYON PO. MAG ISANG TAON NANAHAN PO
IHIRIT LANG PO RIN PO SI KAPITANA KAY VICE SARA
DUTERTE DAHIL PO HINDI PO AKO PINAKIKINGGAN NA
MAAYOS PO ITO BAHAY PO. NAMIN NA KONG SAAN PO ITO
SIRANG SIRA NA PO CR. SIRA NARIN ANG TAGING KO
LANG PANG TAKIP PO SA SIRA KO PO. BUBONGAN
YONG KULUNGAN NANG MANOK KO PARA HINDI
NAKAPASOK ANOMAN TULAD ANG TAO O. POSA ITO RIN P
ANG NAKIKITA KO DAHILAN NA [redacted]
[redacted] DIN NAMAN PO
[redacted] YON
IPINAGKAKA RIN PO NITO TAKOD NATO NA AKO DAW
PO. AY IMPORMER NA KONG SAAN ITO PO BAHAY
AY DAANAN NANG POSIR AT ADIK DITO PO. SILA NA
GINAGAWANG TAMBAYAN AT SA HARAP NANG BAHAY KAGAWAD
AT YUNG DON KO NAKIKITA AT SA GILID NANG BAHAY ANG
KAPITANA DITO PO KASI NAHULI YONG KAPATID NI
ANPOY NAKONG SAAN PO ITO PO KALALAYA LANG
NANG 2019-2020 MAY COVID PO SINAMANTALA PO
ANG MAG ASAWA NANG PAG KAKATAON !!!

SALAMAT PO MAYOR SA MAITUTULONG MO PO
SA AKIN PO. 09637234699

KALANDO REYES MOJICA

[BACK](#)